EXCERPTS MULA SA **‘LAHAT NG B’**

**(1)**

"Sana ay may ospital para sa mga sawi,
naisip ni Erica. Bising-bisi pihado ang
hospital attendant dahil araw-araw ay
laging nag-uunahang masawi ang mga tao.
Mahaba lagi ang pila. Sandali lang po,
sandali! Wala pong sisingit! Nagpalista
na po ba kayo? O ikaw, ba't andito ka
na naman? Di ba kahapon lang, andito
ka? Baka di mo iniinom ang gamot mo
kaya laging nabibinat 'yang puso mo.
Pakiusap lang po, h'wag lang pong
magsiksikan. 'Yung mga nasawi na nang
ilang beses, puro peklat na ang mga puso,
paunahin n'yo na ang mga bagong pasyente,
lalo na 'yung emergency cases, h'wag sarili
lang ang iniisip. May first-aid kit kami para
sa mga nasawi for the first time, paki-avail
na lang po, ihanda lang ang ID. 'Yung mga
naka-recover na, please umuwi na kayo, give
room to others. 'Yung me allergy sa pag-ibig,
dito kayo. Dito naman ang section para
doon sa mga umaasa pa. Ito ang pinakapunong
section dahil ang dami talagang umaasa. Kaya
please huwag sanang magsiksikan. O, ikaw,
ba't me nana na 'yang puso mo?"

**(2)**

“Noon, nakita niyang umiiyak si Sara
sa bubong sa ilalim ng liwanag ng buwan.
At umibig siya dito. Lumabas siya sa
kanyang bilog at umibig siya sa kabila
ng mga bundok at dagat at kalangitan,
sa pagitan ng mga hinagpis at
luwalhati, sa dulo ng mga buntonghininga.
Pero kung mauulit ay walang
pagbabantulot na agad pa rin siyang
iibig. Nang hindi nagpipigil.
Sinabi sa kanya ni Sara minsan--ang umibig
ay ang may mauwian. Sa'yo ako umuuwi.
Niyakap niya ito, at sinabi naman niya--Iisa
ang kaluluwa natin. Sa'yo ako nagsisimula,
at sa'yo ako nagwawakas.”

**(3)**

Kinagabihan ay naupo uli si Lucas sa harap ng laptop at
nagtangkang ituloy ang pagdugtong sa kuwento nila ni Bessie.
Pero nakabitin lang ang kaliwang kamay niya sa ibabaw
ng keyboard, walang maisulat.
Napabuntonghininga siya. Susuko na
sana. Isasara na sana ang laptop. Nang
may marinig siyang boses. Kinutuban siya.
Kilala niya ang boses na iyon.
Ano ba naman ito, sabi ng boses, lagi na
lang ba akong basa?
Napangiti si Lucas, saka dahan-dahang
lumingon. Sa lamlam ng lampshade ay
nakita niya ang tauhan niyang si Erica,
basang-basa.
Long time no see, Lucas, sabi nitong
nakangiti sa kanya. Galing akong Maldiaga!
Ngumiti rin si Lucas. Gawa-gawa ko lang
ang Maldiaga, sabi niya.
Oo, sagot ni Erica, habang pinupunasan
ang katawan ng tuwalyang nadampot sa
kama ni Lucas. At gawa-gawa mo rin ako!
Bago nakasagot si Lucas ay isa-isa nang
naglitawan sina Sandra, Irene, Ester, at
Bessie. Hindi maitago ni Lucas ang ngiti.
Nagbalik kayo, sabi niya, binalikan n'yo ako!
Oo naman, sabi ni Irene. Hinaplos nito ang
buhok ni Lucas. Tumanda ka na, malungkot
na sabi nito. Napatingin siya kay Irene.
Hindi ito tumanda. Hindi tumanda ang mga tauhan niya.
Ba't ngayon lang kayo nagbalik? Parang
batang nagtatampong tanong ni Lucas.
He was feeling a tenderness, the tenderness
he feels towards characters he has written.
Ilan man sila, gaano man karami. Pero sa lahat sa kanila,
ang limang tauhang ito ng Para Kay B
ang may dala-dalang ibang uri
ng tenderness sa kanyang puso. Dahil sila
ang mga unang tauhang nalikha niya.